

“Ang dokumentong ito ay isang pagsasalin ng isang dokumentong alinsunod sa batas na ipinalabas ng HUD. Ang HUD ay nagbibigay ng pagsasalang ito para lamang sa inyong kapakanan upang tulungan kayong maintindihan ang inyong mga karapatan at mga obligasyon. Ang bersyon sa wikang Ingles ng dokumentong ito ay ang dokumentong opisyal, alinsunod sa batas, at sumusubaybay. Itong isinaling dokumento ay hindi isang opisyal na dokumento.”

Eksibit 7-4: **Halimbawa Taunang Muling Sertipikasyon Pangatlong Paalalang Paunawa/Paunawa ng Pagtatapos**

(Pangalan ng Umuupa / Tenant’s Name)
(Tirahan / Address)

(Petsa, di kukulang sa 60 araw bago ang susunod na petsa ng anibersaryo sa muling sertipikasyon / Date, at least 60 days prior to the upcoming recertification anniversary date)

Mahal naming _____:

Noong (petsa ng Unang Paalalang Paunawa / date of First Reminder Notice) at (petsa ng Pangalawang Paalalang Paunawa / date of Second Reminder Notice), nagpadala kami sa inyo ng mga paunawang humihiling na kayo ay magtakda ng inyong panayam sa muling sertipikasyon. Sa ngayon ay hindi pa rin kayo nagtatakda ng inyong panayam. Ang talata [15.10 o 9—ilagay ang numero ng talata na tumutugma sa talata ng modelong pagpapaupa na ginagamit para sa nangungupahan / 15, 10 or 9 – indicate the paragraph number that corresponds to the paragraph of the model lease being used for the tenant] ng inyong pagpapaupa ay nagsasaad na ang Department of Housing and Urban Development (HUD) ay nag-uutos na aming suriing muli ang inyong kita at komposisyon ng pamilya taun-taon upang muling matiyak ang mga antas ng upa at pagtulong.

Upang makumpleto ang aming pagsusuri sa inyong kita at komposisyon ng pamilya, dapat kayong makipagkita sa (Tagapamahalang Residente, Klerk ng Pag-okupa, atbp / Resident Manager, Occupancy Clerk, etc.) sa (lugar ng panayam / place of interview) at magbigay ng mga kinakailangang impormasyon **at mga lagda upang maisagawa ng may-ari ang pagproseso ng inyong muling sertipikasyon. Ang inyong kooperasyon sa pangangailangan ng muling sertipikasyon ay isang kondisyon sa tuluyang paglahok sa programa.** Ang (Tagapamahalang Residente, Klerk ng Pag-okupa, atbp. / Resident Manager, Occupancy Clerk, etc.) ay nakahanda para sa inyong mga panayam para sa muling sertipikasyon (mga petsa at oras na maaari / dates and times available). Mangyaring makipag-ugnayan sa (Tagapamahalang Residente, Klerk ng Pag-okupa, atbp. / Resident Manager, Occupancy Clerk, etc.) (sa pamamagitan ng telepono, sa opisina / by phone, at the office) sa lalong madaling panahon upang maitakda ang isang pakikipagtipan para sa isang panayam.

Kung kayo ay makikipagkita sa (Tagapamahalang Residente, Klerk ng Pag-okupa, atbp. / Resident Manager, Occupancy Clerk, etc.) at magbibigay ng lahat na mga hinihinging impormasyon **at mga lagda**, hindi namin tatapusin ang tulong sa inyo maliban lamang kung ipinapakita ng inyong kita na hindi na kayo karapat-dapat para sa tulong. Kung kayo ay pupunta sa Rental Office matapos ang (ipasok ang huling araw, ang ika-10 araw ng ika-11 buwan matapos ang huling taunang muling sertipikasyon / insert the cutoff date, the 10th day of the 11th month after the last annual recertification), aming maisasagawa ang pagproseso sa inyong muling sertipikasyon ngunit hindi magbibigay sa inyo ng 30 araw na paunawa sa anumang pagtaas sa upa.

**Upang tulungan kaming maisagawa ang pagproseso para sa inyong muling sertipikasyon, dapat ninyong dalhin ang mga sumusunod na impormasyon sa inyong panayam.

(Ilista ang lahat ng mga kailangang impormasyon. / List all required information.)**

“Ang dokumentong ito ay isang pagsasalin ng isang dokumentong alinsunod sa batas na ipinalabas ng HUD. Ang HUD ay nagbibigay ng pagsasalang ito para lamang sa inyong kapakanan upang tulungan kayong maintindihan ang inyong mga karapatan at mga obligasyon. Ang bersyon sa wikang Ingles ng dokumentong ito ay ang dokumentong opisyal, alinsunod sa batas, at sumusubaybay. Itong isinaling dokumento ay hindi isang opisyal na dokumento.”

(TANDAAN: Para sa mga nangungupahan sa lahat ng mga proyekto, maliban sa mga proyektong PRAC, idagdag ang mga sumusunod. / **NOTE:** For tenants of all projects, except PRAC projects, add the following.) Kung hindi kayo tumugon bago ng (ipasok ang petsa ng anibersaryo ng muling sertipikasyon / insert recertification anniversary date), ang talata [15 ****o**** 14 / paragraph 15 ****** or ****** 14] ng inyong pagpapaupa ay nagbibigay sa amin ng karapatan na tapusin ang tulong sa inyo at singilin kayo ng (******ipasok ang uri ng upa, alinman sa****** market rent, contract rent o ******110% ng BMIR rent / ******insert type of rent, either****** market rent, contract rent or ******110% of BMIR rent) sa halagang \$_____ (ipasok ang upa na kinakailangang bayaran ng nangungupahan / insert the rent the tenant will be required to pay)****** na magkakabisa sa (ipasok ang petsa ng anibersaryo ng muling sertipikasyon / insert the recertification anniversary date). ******Ang pagtaas na ito sa upa ay gagawin nang hindi nagbibigay sa inyo ng karagdagang paunawa. Kung kayo ay hindi makabayad ng tumaas na upa, maaari naming tapusin ang inyong pangungupahan at maghangad na ipatupad ang pagtatapos sa hukuman.******

(TANDAAN: Para sa mga nangungupahan sa mga proyektong PRAC, idagdag ang mga sumusunod na pangungusap. / **NOTE:** For tenants in PRAC projects add the following sentence.) Kung hindi kayo tumugon bago ng (ipasok ang petsa ng anibersaryo ng muling sertipikasyon / insert the recertification anniversary date.), ang inyong pangungupahan ay maaaring itigil.

Paki-usap na huwag ninyong hayaan na mapilitan kaming itaas ang inyong upa. Pumunta sa Rental Office ngayon upang maitakda ang inyong panayam at mapag-usapan ang inyong muling sertipikasyon at anumang maaaring pagbabago sa upa.

Maraming salamat sa inyong kooperasyon.

Lubos na sumasainyo,

“Ang bersyong Ingles ng pagpapaupa lamang ang pipirmahan.”

(Ahenteng Namamahala,
Tagapamahalang Residente, atbp. /
Managing Agent, Resident Manager, etc.)